# UNANG MAHABANG PAGSUSULIT SA FILIPINO

***Basahin ang kuwento at sagutin ang mga sumusunod na tanong.**

**NASA HULI ANG PAGSISI**

Si Pedro ay ang tipo na hindi mahilig lumbas ng silid. Pagkatapos ng kanyang klase ay deretso na siyang umuuwi sa kanilang bahay. Isang araw, natanaw niya sa kanilang bintana ang mga batang naglalaro sa labas ng kanilang bahay.Inggit na inggit siya habang tinatanaw ang mga batang nagkakasayahan sabay pagpapasahan ng bola sa isa't-isa. Nais man niyang maglaro,tali siya mga gawaing pampaaralan dahil sa pangaral ng kanyang mga magulang na mag-aral muna mabago maglaro.

Isang hapon, hindi niya natiis ang labis na pagkasabik sa paglalaro. Iniwan niya ang kanyang takdang-aralin at lumabas para maglaro.Sa sobrang tuwa nakalimutan niyang gawin ang kanyang takdang-aralin.Umuwi siya na hapong-hapo at dahil sa kapaguran, di man lang niya nagawang magpalit ng damit pantulog.

Kinabukasan, hindi namalayan ni Pedro na pumasok siya na walang mga takdang-aralin. Nang tinawag siya ng kanyang guro, wala siyang naisagot.Walang imik siya sa klase dahil sa nangyari.Hiyang-hiya siya sa sarili.

"Pangako ko, tatapusin ko muna ang gawain ko sa klase bago ako maglaro", sumbat niya sa sarili pagkatapos niyang hindi masagot ang tanong ng guro.

1.Sino ang batang hindi mahilig lumabas ng siliad?
 a.Paul  b. Pedro  c. Pepe
2.Ano ang natanaw niya sa kanilang bintana?
 a.mga batang naglalaro  c. mga batang sumasayaw
 b. mga batang nagbabasa
3.Bakit hindi magawa ni Pedro ang paglalaro sa labas?
 a. Dahil pinagbawalan ng magulang
 b. Dahil pinagagawa siya ng takdang-aralin
 c.Dahil maraming utos ang kanyang mga magulang.
4.Ano ang ginawa ni Pedro siya makapaglaro?
 a.Ipinagawa sa iba ang takdang-aralin.
 b. Naglaro muna bago tinapos ang takdang-aralin.
 c.Tinapos ang takdang-aralin.
5.Ano ang ipinangako niya sa sarili?
 a. Gagawin ang takdang-aralin habang naglalaro.
 b.Tatapusin muna ang laro bago ang takdang-aralin
 c.Tatapusin muna ang takdang-aralin bago makipaglaro.

***Piliin sa ibaba ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap.**

a. matagalan  d.kasalungat ng bida
b. pagrereport  e.likas na naninirahan
c. ganyakin

6.Ang <u>pag-uulat</u> ay mainam pakinggan kung magaling ang nagsasalita.
7.Ang mga Indian ang mga unang <u>katutubo</u> sa Amerika.
8. Nang <u>malaunan</u>, naging isang mahusay siyang mananahi.
9.Sa alin mang kuwento, kinayayamutan ang <u>kontrabida.</u>
10.<u>Hikayatin</u> natin sila na sumapi sa ating grupo.

***Basahin ang balita at sagutin ang mga tanong sa ibaba.**

**KAKAIBANG PROYEKTO – PAGPAPAUSOK**

Proyektong pangkalusugan ang inilunsad ng mag taga San Isidro para sa proyektong ito. Nangunguna ang pangulo ng samahan sa hangaring mapigilan ang mga lumalaganap na sakit lalo na ang dengue fever. Pinaninindigan ng asosasyon ang proyektong ito.

11.Tungkol sa ano ang balita?

a. Proyektong Pangkalinisan c. Proyektong Pagpapausok
b. Proyektong Pambabae

12.Saang lugar ito inilunsad?

a. San Pablo b. San Isidro c. San Juan

13.Ano ang lumalaganap na sakit?

a. dysentery b. typhoid c. dengue fever

***Ayusin ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng pagkakaganap sa kuwento.**

a.Pagpasok namin nina Ate Carmi, Lea at Anie sa hardin , may dumapo sa aming buhok, balikat at kamay.
b. Umuwi kaming masaya.
c. Kaiba sa lahat ang karanasan ko sa hardin ng mga paruparo.
d. Bukod pala sa nectar ng mga bulaklak, pagkain din ng mga paruparo ang pawis , lotion,gel at kahit spraynet.
e.Hindi nagsawa ang aming paningin sa pagsunod sa kayraming paruparo.

14.______ 15.______ 16.______ 17.______ 18.______

***Aling salita ang matatagpuan sa gitna ng bawat pamatnubay na salita.**

19. taka-tala = a. tabo b. takip c. tama
20. bukas-buklod = a. bukol b. buka c. buklat
21. kalabaw-kaluban = a. kalat b. kalagayan c. kulot
22. sampalok-sandata= a. saging b.sampay c.sanlibutan
23. paliban - paliguan= a. paligsahan b. pakipot c. palu-palo

***Anong damdamin ng nagsasalita ang ipinapahayag sa sumusunod na pangungusap ?**

a. nagmamakaawa c. natutuwa e.nasasaktan
b. nag-aalala d. nagagalit

24. "Gabi na wala pa si Inay."
25. "Yehey! Bukas na darating si Tiya Thelma".
26. "Namimilipit na ako sa sobrang sakit."
27. "Bayaran mo na ngayon ang utang mo!"
28. "Patawarin mo naman ako sa mga kasalanan ko sa iyo".

***Piliin mula sa pangungusap ang pangngalan.**

29. Si Melchora Aquino ang nagsimula ng himagsikan.
30. Sa gubat nakatanim ang iba't-ibang punongkahoy.
31. Si Inna Ay nagdeposito ng pera sa bangko.
32. Ang binta ay bangka ng mga Muslim.

33. Si Elizabeth ang kasama ni Inay sa bahay.

***Piliin sa ibaba ang sagot sa mga tanong tungkol sa diksunaryo.***

34.Paano naka-ayos ang mga salita sa diksunaryo?
35.Ano ang mababasa natin sa diksunaryo ?
36.Ano ang tawag sa dalawang salita na matatagpuan sa itataas ng bawat pahina ng diksunaryo?

a. pamatnubay na salita
b.mga salita at kahulugan
c.mga pangalan ng tao
d.paalpabeto

****Basahin at sundin ang mga panuto.***

37. Isulat ang buong pangalan ng iyong guro at salungguhitan ang kanyang apelyedo.
38 .Iguhit ang bandila ng Pilipinas at isulat ang kulay ng bawat bahagi nito.
39. Gumuhit ng isang bulaklak na may tatlong dahon.
40. Isulat ang pamagat ng ating pambansang awit.

## UNANG MAHABANG PAGSUSULIT SA FILIPINO

## TALAAN NG ISPESIPIKASYON

| LAYUNIN | KNOWLEDGE | PROCESS | UNDERSTANDING | Performance | total | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1.Nasasagot ang tanong sa binasang kuwento. | 1,2,3,4,5 | | | | **5** | |
| 2.Naibibigay ang kahulugan ng salita. | | | 6,7,8,9,10 | | **5** | |
| 3. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa balita. | 11,12,13 | | | | **3** | |
| 4. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento. | | | 14,15,16,17,18 | | **5** | |
| 5.Nagagamit ang pamatnubay na | | | | 19,20,21,22,23 | **5** | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| salita sa diksunaryo. | | | | | | |
| 6. Natutukoy ang damdamin ng tagapagsalita . | | 24,25,26, 27,28 | | | **5** | |
| 7. Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagsasalita. | 29,30,31,32,3 3 | | | | **5** | |
| 8. Nagagamit ang diksunaryo. | | | 34,35,35 | | **3** | |
| 9. Nasusunod ang napakinggang panuto. | | | | 37,38,39,40 | **4** | |
| | | | | | | |
| **TOTAL** | **13** | **5** | **13** | **9** | **40** | |